Student/Registration Number | | | | | | | | | | | Centre Number | | | | | |

# 2003 PUBLIC EXAMINATION

# Filipino

## Continuers Level

### Section 2: Reading and Responding (30 marks)

**Instructions to Students**

1. Allow about 1 hour and 15 minutes for Section 2.
2. Write all your answers to the questions in Section 2 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

*This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).*



© Board of Studies NSW 2003

## Part A

**20 marks**
**Attempt Questions 7–8**

---

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and/or specific aspects of texts, by, for example, comparing, contrasting, summarising, or evaluating, and convey the information accurately and appropriately*

---

**7.** Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

### Karunungan ay Kapangyarihan

Nahihirapan ka ba sa paaralan? Nahihirapan ka bang unawain ang iyong mga guro? Natatagalan ka ba sa paggawa ng araling-pambahay subali't wala namang kinalalabasan?

Huwag kang mawalan ng pag-asa! Maari kang magtagumpay! Matutulungan ka ng *Merit Coaching* sa lahat ng iyong mga aralin! Mabibigyan ka namin ng pangsarili mong tagapagturo sa sarili mong tahanan, at tinitiyak namin na tataas ang iyong mga marka.

Mga magulang… mabibigyan namin ang inyong anak ng kakayahan upang magtagumpay. Mayroon kaming tagapagturo sa lahat ng lugar. Ang aming mga programa ay ini-aangkop sa pangangailangang pang-edukasyon ng bawa't bata.

Lahat ng aming mga tagapagturo ay mga gurong may karanasan sa paaralang elementarya at sekundaryo.

Tumawag ngayon upang makakuha ng WALANG-BAYAD na payo.

Pupunta ang isa naming tagapayo upang makipag-usap sa inyo tungkol sa kakailanganing pang-edukasyon ng inyong anak.

Itinatag kami noong 1975. Kami ay buong-aring Australyano.

Tumawag, walang-bayad, sa *Merit Coaching* 1800 111 222.

TIYAK ANG TAGUMPAY!

**Question 7 continues on page 3**

**Marks**

Question 7 (continued)

(a) What does *Merit Coaching* offer? **2**

(b) Why is this advertisement effective? **4**

**End of Question 7**

**8.** Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

# *Kool Running*

*– ni S. Jeniz –*

Ang tahimik na pamumuhay ni Jeressa Salera sa kabukiran ay nagbago ng makamit niya ang gintong medalya noong “18th Commonwealth Games.”

Nagsimulang tumakbo si Jeressa nang siya ay anim na taon. Sa kanilang bayan ay puno ng magagandang tanawin ang isang daang ektaryang sakahan ng kanyang magulang. Nagsimula siya ng pagtakbo sa pamamagitan ng kanyang gawaing bahay katulad ng pagtutugis ng mga baka at tupa kasama ang kanyang aso na si Gypsy.

Sa elementarya, napili siyang lumahok sa koponan ng kanilang paaralan. Sumunod dito ay sa koponan naman ng estado at pagkatapos ang pambansang koponan ng mga kabataan sa takbuhang pangdistansiya.

Dalawang taong hinawakan ni Jeressa ang kanyang katayuan bilang kampeon sa pambansang koponan ng mga kabataan sa 200 metro na takbo. Kahanga-hangang pagtamo ng isang kabataan na may labintatlong gulang lamang.

Noong labinlimang taon siya napili siya ng Pambansang Koponan na kumatawan ng Australya sa ika “18th Commonwealth Games” kung saan siya nagwagi ng gintong medalya at nalampasan niya ng 15 segundo ang rekord ng 200 metro na takbo.

Ang pilosopiya ni Jeressa upang manatiling malusog ay laging kumain ng masustansiyang pagkaing walang taba, uminom ng maraming tubig at palagiang mag ehersisyo. Ang ehersisyo ay makabubuti sa metabolismo at makatutulong sa katawan upang matunaw ang mga kaloris.

**Saksi sa Takbuhan**

Ito ang pinakamahalagang trabahong naibigay sa akin — mag-report tungkol sa 200 metro na takbo sa “18th Commonwealth Games” ni Jeressa Salera, isa sa pinakatanyag na kampeon sa takbuhan sa Australya. Damang-dama ko ang tahimik na kasabikan at kaba ng buong istadyum habang pinanonood ang mga atleta na humilera sa pansimulang linya. Nakikita ko ang determinasyon ng batang ito, 15 taon lamang, na magtagumpay sa pinakamahalagang takbo sa buhay niya.

Tumayo kaming lahat ng marinig ang putok ng pansimulang baril, at sa gitna ng nakakabinging ingay sa istadyum, sinundan ko ng tingin si Jeressa at nakaramdam ako ng tagumpay at ginhawa nang marating niya ang pangkatapusang linya. Isang kahanga-hangang tagumpay! Subalit kasunod ay nakita ko si Jeressa na nakatungo na parang may sakit, at bigla na lang hinimatay siya. Nakita kong nagtakbuhan ang mga tao patungo sa kanya. Ang katuwaan ko ay napunta sa takot nang makita kong nilalagay sa estretser si Jeressa. Huwag naman po sanang lumubha ang kalagayan niya!

Nagtatakbo ako sa kuwarto ng mga reporter, at laking pasasalamat ko na may pases ako! Makaraan ang napakahabang paghihintay, natanggap namin ang pahayag mula sa doktor na natauhan na si Jeressa at mabuti na ang kanyang kalagayan. Palakpakan kami, at halos maiyak ako sa tuwa.

**Question 8 continues on page 5**

**Marks**

Question 8 (continued)

(a) How did Jeressa develop her running skills? **1**

(A) She was coached from a very young age. ☐

(B) She ran races with her brothers and sisters. ☐

(C) She used to run around the farm. ☐

(D) She followed a regular routine of training and exercise. ☐

(b) What are the main elements in Jeressa's philosophy of staying healthy? **2**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

(c) How does the writer convey what a great achievement Jeressa has accomplished? **5**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Question 8 continues on page 6**

**Marks**

Question 8 (continued)

(d) What effects have been achieved by the inclusion of the boxed text in the article? In your answer, refer to the use of both language and style. **6**

**End of Question 8**

## Part B

**10 marks**
**Attempt Question 9**

---

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and specific aspects of texts by identifying, analysing, and responding to information*
- *convey information coherently (structure, sequence, accuracy and variety of vocabulary and sentence structure) and appropriately (relevance, use of conventions of the text type)*

---

**9.** Read the text and then answer in FILIPINO the question that follows.

You may make notes in this space.

**"Isang Pagbabagong-buhay na Karanasan"**

Ang tatlong mag-aaral sa taong ito ng "Think Globally, Act Locally" (TGAL), Lakbay-pahayag sa Pilipinas ay nanggaling sa Timog Australya. Kasama sa paglalakbay ay si Bb. Sierra, pinuno ng Edukasyong pang Global sa Misyong Australya at Gng. Jones, direktor ng Misyon Australya Nasyonal Komite.

Ayon kay Bb. Sierra, ang pagsasanay sa programang Lakbay-pahayag para sa mga mag-aaral ay isang pinakamahusay na paraan upang ipabatid ang mga paksa tungkol sa katarungan at kaunlaran. Gayunman, ito ay isang malalim na pananalig at pagtatagpo habang ang mga mag-aaral ay nahayag sa isang masigasig na komunidad.

Dinala sila ng paglalakbay sa iba't-ibang bahagi ng Luzon at Visaya na naglalaan ng pondo para sa proyektong pang-kapaligiran. Sa Luzon, ang mga mag-aaral ay nakatira sa mga nayon na may sakahan at pangisdaan. Nagkaroon sila ng pagkakataon na makausap ang mga magsasaka sa mga lugar na nasira ng bagyo. Kasama sa pagtira nila ang pakikihalubilo sa mga palaro, pagkain, kuwentuhan at gawaing pang-hanapbuhay.

"Sa Pulo ng Visaya, nakatawag-pansin ang pagganap sa dulaan ng mga kabataan na may kinalaman sa paksang paninira ng kapaligiran at karalitaan. Sa palabas na ito ay nakita ko ang kahalagahan ng ating sariling kapaligiran sa Australya", sabi ng isang kamag-aral.

"Ang karanasan ko sa Lakbay Pahayag ay mahalaga sa akin kahit saan ako makarating. Nagpapasalamat ako sa mga biyaya na nakamtan ko sa Australya na kadalasan nating pinagwawalang bahala gaya ng pagligo sa dutsa, malinis na kasilyas, sariwang hangin at pagkain, pantay-pantay na oportunidad sa hanap-buhay, at marami pang iba," ipinakli ng isang kamag-aral.

"Ang nakagulat sa akin ay ang mga kabaligtaran na ipinakita ng mga tao tungkol sa kanilang pananaw sa buhay. Bagama't sila ay masasabing maralita, sila ay may pagmamahal sa pamilya ng bawat isa: punong-puno ng kaligayahan, pagbibigayan at pagsasalamatan," ayon sa ikatlong kamag-aral.

Lahat ng lumahok sa programang Lakbay pahayag ay bumalik ng may lubos na kasiyahan at karangalan sa kanilang puso.

**Question 9 continues on page 8**

Question 9 (continued)

You may make notes in this space.

You were part of the team that went on the exposure trip to the Philippines. In 150–200 words, write a diary entry in which you reflect on the experiences you had and how these have changed your attitudes to life.

Ikaw ay kasama sa koponan ng programang Lakbay-pahayag sa Pilipinas. Sa 150–200 na salita, sumulat ng madetalyeng ulat sa iyong talaarawan na nagpapahayag ng mga karanasan mo at kung paano ito nakapagbago sa iyong pananaw sa buhay.

**End of Question 9**

*Do not remove this page from the question booklet.*

| Student/Registration Number | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

| Centre Number | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|

Filipino
Continuers Level

Question 9

**Please turn over**

**End of Section 2**

BLANK PAGE

BLANK PAGE